8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad National High School)

**Tagasuri:** PNU-RITQ Management Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION/ UNANG KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos batay sa relihiyon o paniniwalang kinabibilangan upang malinang ang pagiging mapagpasalamat. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nakapagsasanay sa pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga papuri at kabutihan ng Diyos batay sa relihiyon o paniniwalang kinabibilangan.<br>a. Naiisa-isa ang mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos.<br>b. Naipaliliwanag na ang mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos ay pagkilala sa Kaniya at pagpapasalamat sa lahat ng mga biyayang tinatamasa.<br>c. Nakapaglalapat ng mga sariling paraan ng pagdakila sa Diyos batay sa relihiyon o paniniwalang kinabibilangan. |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | **Mapagpasalamat (Gratitude)** |
| **D. Nilalaman** | Mga Sariling Paraan ng Pagdakila sa Diyos |
| **E. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

A. (2010, September 7). Parangalan natin ang Diyos. Jesus Is Lord Church Worldwide. Retrieved from https://jilworldwide.org/archives/2009-archives/parangalan-natin-ang-diyos/

*Ang mga Paniniwala sa Islam at mga Gawain – The Islamic Bulletin. (n.d.). Retrieved from https://islamicbulletin.org/?page_id=1926&lang=tl*

Bakit inaasahan at hinihingi ng Diyos ang ating pagsamba? (n.d.). Retrieved from https://www.gotquestions.org/Tagalog/hinihingi-Diyos-pagsamba.html

Catholic Faith Defenders. (n.d.). Retrieved from https://www.facebook.com. Retrieved April 29, 2024, from https://www.facebook.com/groups/459804204197210/posts/2364947470349531/

Child Stealing Money Images – Browse 839 Stock Photos, Vectors, and Video. (n.d.). Adobe Stock. Retrieved from https://stock.adobe.com/search?k=child+stealing+money

*Free Printable Praying Hands Clipart | Free Images at Clker.com - vector clip art online, royalty free & public domain.* (n.d.). Retrieved from https://www.clker.com/clipart-578057.html

Free Vector | Boy and girl with happy smile. (2019, June 17). Freepik. Retrieved from https://www.freepik.com/free-vector/boy-girl-with-happy-smile_4771071.htm#fromView=search&page=6&position=4&uuid=ca84965e-63df-4eb9-b5e8-00716e0dbf5f

Isang Mabuting Bagay ang Magpasalamat. (2011, July 27). Church of God in Christ Jesus. Retrieved from https://idkhblog.wordpress.com/filipino-topics/isang-mabuting-bagay-ang-magpasalamat/

Ito na ang Bakasyon! Isang Munting Tulang Tagalog — Steemit. (n.d.). Steemit. Retrieved from https://steemit.com/pilipinas/@tpkidkai/ito-na-ang-bakasyon-isang-munting-tulang-tagalog

Khan, K. (2015, September 8). HOW TO COME OVER A PORN ADDICTION IN ISLAMIC AND SCIENTIFIC WAY. HADITH QUOTE. Retrieved from https://hadithquote.wordpress.com/2015/03/16/how-to-come-over-a-porn-addiction-in-islamic-and-scientific-way/

*Log in or sign up to view.* (n.d.). Retrieved from https://www.facebook.com/photo/?fbid=248825440242386&set=a.114371213687810&paipv=0&eav=Afb2tnme3pEVMDHp-19FFbIL4m9DQaoNorKyVk4ZFKyWVVWnBMpK538-yk9MNyhZOiY

*Pagsamba sa Diyos*. (2022, October 10). Iglesia Ni Cristo (Church of Christ). Retrieved from https://iglesianicristo.net/beliefs-tagalog/pagsamba-sa-diyos/

Religious Affiliation in the Philippines (2020 Census of Population and Housing) | Philippine Statistics Authority | Republic of the Philippines. (n.d.). Retrieved from https://psa.gov.ph/content/religious-affiliation-philippines-2020-census-population-and-housing


*Robot or human?* (n.d.). Retrieved from https://www.walmart.com/ip/Creative-Shapes-Etc-Large-Notepad-Pencil-Paper-Writing-Pad-for-Notes-Classrooms-and-More/771001943

Simbahang Katoliko nagpupuri sa Diyos. (n.d.). Retrieved from https://www.facebook.com/. Retrieved April 30, 2024, from https://www.facebook.com/groups/459804204197210/posts/2364947470349531/

Weimer, M. (2019, November 25). A Memo to Students on Cheating. Faculty Focus | Higher Ed Teaching & Learning. Retrieved from https://www.facultyfocus.com/articles/effective-classroom-management/memo-students-cheating/

What does pagdakila mean in Filipino? (n.d.). WordHippo. Retrieved from https://www.wordhippo.com/what-is/the-meaning-of/filipino-word-7ea50d86ebc7a24b5dbf77e1ac32bca7a3517d9f.html


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>*“Ang tao ay nilikha na kawangis ng Diyos”* Magbigay ng limang paraan ng pangangalaga ng iyong sarili ayon sa iyong pananampalataya. | Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.<br>Karagdagang Kaalaman na maaaring ibahagi ng guro. |


| | | |
|---|---|---|
| | <br>https://www.rawpixel.com/image/10164296<br><br>**Tanong**:<br>Paano mo mapapahalagahan ang iba bilang katulad mo rin ay nilikhang kawangis ng Diyos? | Ang pagiging kawangis ng tao sa Diyos ay hindi sa aspetong pisikal kundi sa mga katangiang nagpapabukod-tangi sa tao kung ikukumpara sa ibang nilikha ng Diyos. Ang tao ay may kakayahang mag-isip, magpasya, pumili at isakilos ang mga bagay na pinili. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Panuto**: Basahin ang sitwasyon at sagutan ang mga tanong sa ibaba.<br>Malapit na ang araw ng pagtatapos ni Gio sa *Junior High School*. Ipinakiusap niya sa kaniyang ina na ibili siya ng magarang sapatos at bagong uniporme. Katuwiran ni Gio na dapat siyang maging kaaya-ayang tingnan sa araw na iyon dahil magtatapos siya ng may karangalan. Lingid sa kaalaman ni Gio na dalawang Linggo nang walang kita ang kaniyang ama dahil nasa talyer pa ang *taxi* na ipinapasada nito. Gayunpaman, binilan pa rin siya ng bagong sapatos ng kaniyang ina ngunit hindi na kinaya pa ng kaniyang pera ang bagong uniporme. Isang araw bago ang pagtatapos ay ibinigay ng kaniyang ina ang kaniyang bagong sapatos ngunit walang bagong polo at pantalon. Hiyang-hiya ang kaniyang ina noong iniaabot ang lumang uniporme na maayos naman ang pagkakaplantsa at pagkaka-*hanger*. Magpapaliwanag sana ito ngunit biglang nagsalita si Gio “Maraming salamat po mama sa bagong sapatos at sa malinis at mabango kong uniporme. Sigurado akong bagay na bagay ito sa medalyang isasabit ninyo ni papa sa akin bukas. Yun po ang mas mahalaga, ang magkakasama tayong pamilya.” Kitang-kita ni Gio na napalitan ng saya ang pag-aalalang nararamdaman ng kaniyang ina ng mga sandaling iyon. | Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito<br><br>Bibigyang-diin ng guro ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat kahit sa maliit na bagay.<br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang pagkakaroon ng pamilya, kaibigan, at biyaya sa buhay, malaki man o maliit, ay isang makatuwirang dahilan kung bakit kailangan nating magpasalamat sa Diyos. |


**Prosesong Tanong:**


1. Paano mo mailalarawan si Gio? Ano ang magagandang katangian na tinataglay niya?
2. Bakit sa tingin mo ay hindi man lang nakadama ng pagkabigo o pagkainis si Gio samantalang hindi naibigay ng kanyang ina ang bagong uniporme?
3. Ano ang mga nakita ni Gio na mas higit pa sa bagong uniporme ang halaga na dapat niyang ipagpasalamat?
4. Bakit mahalaga ang maging mapagpasalamat?
5. May karanasan ka bang may pagkakahawig sa pangyayaring ito? Ibahagi mo ito sa klase.


**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Panuto: Ano ang pakahulugan mo sa bawat salitang nakasulat sa ibaba? Isulat ang iyong sagot sa loob ng lapis. Gumawa ng makabuluhang pangungusap gamit ang mga salita.





https://www.needpix.com/about

Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito
Inaasahang Tugon:
**Pagdakila** – Pagpaparangal, pagpapataas, pagpupuri
**Pananalangin** – pinakamabisang paraan ng pakikipag-usap sa Diyos
**Pagsamba**- ang "pagbibigay ng parangal, pagpupuri, paggalang, pagpipitagan at pagluwalhati sa Diyos o isang mas nakatataas.
**Pagsisisi**- At ang tunay na pagsisisi ay ang pagkakaroon ng pagkasuklam sa mga maling gawa at ugali at ang pagtalikod sa mga ito.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: <u>Mga Sariling Paraan ng Pagdakila sa Diyos at mga Implikasyon</u>**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Naranasan mo na bang dakilain o parangalan ang Diyos? Sa paanong paraan mo ito naisasagawa?<br><br>May mga paraan upang mabigyang karangalan natin ang Diyos. Narito ang ilan na kung ating uunawain at isasapamuhay ay makapagtuturo ng landas patungo sa pinagpalang buhay.<br><br>1. Tunay na Pagsisisi. Walang makapagsasabi na ang isang tao ay naghahangad na parangalan ang Diyos kung hindi niya tunay na pinagsisisihan ang kanyang mga kasalanan. At ang tunay na pagsisisi ay ang pagkakaroon ng pagkasuklam sa mga maling gawa at ugali at ang pagtalikod sa mga ito. Ang makasalanang gawain, patago man o lantad na isinagawa, ay hindi kailanman makapagbibigay kaluguran sa harapan ng Panginoon.<br><br>2. Ang pagsunod sa utos ng Diyos. Ito ay nangangahulugan ng pagsasaliksik sa Salita ng Diyos at pagkakaroon ng determinasyon na mamuhay ayon sa mga sinasabi ng Bibliya. At unti-unti, sa araw-araw nating pagsunod sa Kanya, mararanasan natin ang pagsama ng Diyos sa ating buhay. At makikita natin na ang ating mga desisyon sa buhay ay naimpluwensiyahan mismo ng Diyos na ating pinaglilingkuran. (“Parangalan Natin ang Diyos”2010)<br>Alam natin mahirap sundin ang mga Salita ng DIYOS ngunit ang katotohanan ay walang mahirap na bagay sa taong masikap. Kahit maraming hadlang sa pagsunod sa Utos ng DIYOS ay magpatuloy pa rin, laging umamin sa pagkakamali at humingi ng kapatawaran. Maging *honest*, mabuti man or masama ang nagawa ay ipagtapat ito sa DIYOS. (Pagsunod sa Utos ng Diyos, n.d.)<br><br>3. Pagsamba. Ang pagsamba ay ang “pagbibigay ng parangal, pagpupuri, paggalang, pagpipitagan at pagluwalhati sa isang mas nakatataas.”<br><br>Inaasahan ng Diyos na atin Siyang sasambahin bilang kapahayagan ng ating paggalang at pasasalamat sa Kanya. Ngunit inaasahan din ng Diyos na magiging masunurin tayo sa Kanya. Hindi lamang Niya ninanais na ibigin natin Siya; ninanais din Niya na magiging makatwiran tayo sa ating pakikitungo sa isa’t isa at ipakita | Maglaan ng dalawang minuto upang makapagnilay ang mag-aaral. Pagkatapos ay ibabahagi niya ng kanyang sagot sa kanyang katabing kaklase.<br><br>Tatawag ang guro ng isa hanggang tatlong mag-aaral na makapagbabahagi ng naging pag-uusap nila ng kaniyang kaklase.<br><br>Bigyang-diin ang apat na bahagi ng panalangin<br>a. Pagpupuri<br>b. Paghingi ng tawad<br>c. Pagpapahayag ng hinaing o kahilingan<br>d. Pasasalamat |

| | | |
|---|---|---|
| | ang ating pag-ibig at kahabagan sa iba. (Bakit Inaasahan at Hinihingi Ng Diyos Ang Ating Pagsamba? n.d.)<br><br>4. Pananalangin – Ang panalangin ay isang mabisang paraan ng pakikipag-usap sa Diyos upang magpuri, magpasalamat, humingi ng tawad, at magpahayag ng mga hinaing at kahilingan. Sa pamamagitan ng pagdarasal ay naipapakita ang pagtitiwala sa Diyos. Kasama sa bahagi nito ay ang pagpupuri sa Diyos. Ang pagpapahayag ng pagkilala sa Kanyang kadakilaan at pagpapakumbaba sa lahat ng kahinaan na nararanasan. Hindi lamang paghingi ng mga pangangailangan ang dapat na nilalaman ng mga panalangin kundi ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng masaganang biyayang Kanyang ipinagkakaloob.<br><br>Hindi magagawa ng tao na dakilain ang Diyos ng lubos kung siya ay hindi malaya mula sa mga masasamang gawain na umaalipin sa kanya. Nararapat munang lumayo sa karumihan, iwanan ang bisyo, huwag gumawa ng mahalay na pamumuhay, magpakalinis sa isip sa Salita at sa gawa, Huwag magsalita ng kabastusan, huwag magsalita ng masama upang maisabuhay ang tunay na pagdakila sa Diyos.<br><br>Sa lahat ng ginagawa ay laging Magpasalamat at Magpuri sa DIYOS. Umayon sa kanyang Kalooban. Siya lamang ang itataas, Pupurihin at pasasalamatan.<br>Igalang siya, Matakot sa kanya at sundin ng bukal sa puso ang kanyang mga Salita. | |
| | **2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>HULI KA!!! Pangalanan ang bawat larawan. Tama ba o mali ang kilos? Isulat ang iyong paliwanag. | Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito<br><br>Ipaliwanag ng guro ang kahulugan ng salitang pornography o Pornograpiya.<br>- Ito ay mga larawang nag-aanyaya sa tumitingin na magnasa at mag-isip ng kahalayan sa larawan o sa isang taong nakakasalamuha nito.<br>- Maaaring palawakin pa ng guro ang |

1.



___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________

https://ccnull.de/foto/cheating-on-exam-a-student-using-phone-during-examination/1086090

2.



___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Sibling_Conflict.jpg

3.




___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________

https://hadithquote.wordpress.com/2015/03/16/how-to-come-over-a-porn-addiction-in-islamic-and-scientific-way/

4.



___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________
___________________________

https://www.rawpixel.com/image/6258145

**Tanong:**
1. Ano ang pagkakapareha ng mga larawan?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

pagpapaliwanag sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga hindi magagandang epekto ng pornograpiya at ng iba pang mga gawain na tampok sa mga larawan sa taong gumagawa nito at sa kanyang pakikipag-ugnayan sa iba.

2. Bakit ang kilos ay hindi nagpapakita ng pagdakila sa Diyos?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Alin sa mga ito ang naranasan mo na?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ano ang iyong naramdaman makaraang gawin ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Bakit mahalagang hindi lang sa salita dakilain ang Diyos kundi sa gawa?

_______________________________________________

_______________________________________________

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Repleksiyon:** Paano mo napararangalan ang Diyos? Isulat ito sa unang kolum at sa ikalawang kolum ay tukuyin kung ano ang implikasyon o bunga nito sa iyong buhay.

| Mga Sariling Paraan ng Pagdakila sa Diyos | Mga Implikasyon ng Kilos |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

**Tanong:**
1. Ano ang pakiramdam sa tuwing nakagagawa ng mga bagay na sa tingin mo ay kalugud-lugod sa Diyos?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Bakit mahalagang maparangalan ang Diyos?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano ang madalas laman ng iyong panalangin?

_______________________________________________

Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito

________________________________________________

4. Ano ano ang mga bagay ang iyong ipinagpapasalamat?

________________________________________________

________________________________________________

5. Tasahin ang iyong ugnayan sa Diyos, tunay bang napararangalan mo siya araw-araw. Kung hindi, paano mo gagawing aktibo ang iyong ugnayan sa kanya?

________________________________________________

________________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: <u>Paglalapat ng mga Sariling Paraan ng Pagdakila sa Diyos Batay sa Relihiyon o Paniniwalang Kinabibilangan</u>**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang pagpapasalamat ay isang bagay na mabuti ayon sa Bibliya. Sa lahat ng mga bagay na tinatanggap natin at patuloy pa nating tatanggapin mula sa Diyos (Allah, Jehovah), dapat lamang na kilalanin ang mga ito sa pamamagitan ng taos pusong pasasalamat at pagpupuri.

Bakit kailangang magpasalamat sa Dios?

Maraming mga dahilan kung bakit kailangan nating magpasalamat sa Diyos. Una sa lahat, ito ay pagtanaw sa kabutihan ng Diyos sa ating lahat. Ikalawa, ang mga biyayang tinatanggap natin, saan ba nagmumula? Mayroon bang bagay na nasa atin na hindi nagmula sa Diyos? Lahat ng bagay na ating tinataglay o tinatangkilik ay nagbubuhat sa Kaniya.

Gayundin naman, hindi ba't dapat ding ipagpasalamat ang bawat araw na idinadagdag ng Diyos sa ating buhay? Ang buhay at ang kalakasan natin ay nagmula din sa Diyos. At higit sa lahat, hindi ba't karapat-dapat ding ipagpasalamat ang kaloob Niyang mga biyayang espirituwal, gaya ng mga salita ng Diyos, ng pag-asa na ibinibigay Niya upang tayo ay makapagtiis sa magulo at masalimuot na sanlibutang ito, at gayundin naman ang pananampalatayang minsan ay ibinigay sa atin upang magkaroon ng kabuluhan ang ating buhay sa mundo. Lahat ng mga ito ay karapatdapat nating ipagpasalamat sa Dios. (Isang Mabuting Bagay Ang Magpasalamat, 2011)

Maging sensitibo ang guro sa relihiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral. Maaari niyang anyayahan ang mga ito upang magbahagi ng kanilang karanasan sa kanilang relihiyon o kaya naman ay magbigay ng impormasyon tungkol dito upang makilala at ma-*appreciate* ng kaniyang kaklase ang kagandahan ng relihiyong kanyang kinaaaniban.

| | | |
|---|---|---|
| | Ayon sa ulat ng *Philippines Statistics Authority* noong Pebrero 2, 2023, may kinilalang sampung relihiyong sa Pilipinas. Ito ay ang sumusunod:<br>1. Romano Katoliko<br>2. Islam<br>3. Iglesia ni Kristo<br>4. Seventh Day Adventist<br>5. Aglipay<br>6. Iglesia Filipina Independiente<br>7. Bible Baptist Church<br>8. United Church of Christ in the Philippines<br>9. Jehovah's Witness<br>10. Church of Christ | |
| | Makikita sa datos na ang Romano Katoliko, Islam at Iglesia ni Kristo ang tatlong nangungunang relihiyon sa Pilipinas. (Religious Affiliation in the Philippines (2020 Census of Population and Housing) \| Philippine Statistics Authority \| Republic of the Philippines, n.d.) Sa paanong paraan nila naipapakita ang pagdakila sa Diyos?<br><br>Ang **simbahan katoliko** ay nagpupuri sa Diyos sa pamamagitan ng panginoong JesuCristo. Ipinagmamalaki ng simbahan katoliko ang panginoong Jesus dahil sa pamamagitan ng kanyang paghihirap at kamatayan sa KRUS ay pinatawad ng Diyos ang kasalanan ng sangkatuhan sa buong sanlibutan. (Simbahang Katoliko Nagpupuri Sa Diyos, n.d.)<br><br>Maraming debosyon ang mga Katoliko na nagpapakita ng pagkilala sa Diyos. Ang mga ito ay nakaugay kay Hesukristo katulad ng pasko o ang pagdiriwang ng kaniyang kapanganakan. Ang kaniyang pagpapakita na tinatawag na Epipanya, ang kaniyang paghihirap at kamatayan sa panahon ng Kuwaresma, at ang *Easter* o ang kaniyang muling pagkabuhay sa ikatlong araw.<br><br>Samantala ang **Islam** naman ay nangangahulugang ang pagsuko sa mga kautusan at kagustuhan ng nag-iisang Diyos (**Allah**). Ang pagsuko ay dapat manggaling sa sariling kalooban, mula sa tamang paniniwala at pananalig kay Allah. (Ang Mga Paniniwala Sa Islam at Mga Gawain – the Islamic Bulletin, n.d.) | Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito. Pagdalahin ng gamit panulat at pangkulay o ginupit na larawan ang mga mag-aaral sa Unang Araw |
| | Mayroon itong limang haligi kung saan ipinapakita nila ang natatanging paraan ng pagkilala at papuri kay Allah. Una rito ay ang *Shahada* (Pagsaksi). Ang salita ng pangako at nangangako na walang diyos maliban kay Allah at si Muhammad ay sugo ng Allah. Ang ikalawa ay ang *Salah* (Pagdarasal), ito ay tungkulin ng bawat muslim. Lalaki o babae, pagkatapos umabot sa edad ng pagbibinata o pagdadalaga, na magsagawa ng limang Salat o pagdarasal sa takdang oras sa araw at gabi. Ikatlo, *Seyam* (Pag-aayuno), ang lubos na pagpipigil at pag-iwas sa pagkain, pag-inom, paninigarilyo, pag-nguya ng *chewing gum*, pakikipag-talik o pagnanasang sexual. | Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito. |

Ang pag-aayuno din ay isang panahon upang disiplinahin ang sarili mula sa masasamang pag-uugali kagaya ng pakikipag talo, pagmumura at pagsasabi ng masasamang salita. Ikaapat, *Zakat* (Pagkakawang-gawa), ay taunang ginagawa at ito ay sapilitan na pagkakawang gawa ng bawat muslim, lalake o babae na mayroon mga ari-arian o pera sa nakaraang taon. Ang kinakailangan na ibigay ng isang muslim ay 2.5% mula sa sobrang kita upang ipamigay sa mahihirap bilang pagkain kagaya ng bigas, o kahit pera. At panglima ay ang *Hajj* (Pag-lalakbay sa Mecca o Makkah)- ito ay isang paglalakbay na espiritwal kung saan ang isang muslim ay nagagawang makalimutan ang lahat ng makamundong bagay at isinaalang- alang ang kanyang debosyon para lamang kay Allah.

Katulad ng naunang dalawang relihiyong, may sariling paraan din ng pagdakila sa Diyos ang **Iglesia ni Cristo**. Sinasampalatayanan ng mga kasapi nito na ang buong katungkulan ng tao ay sumamba sa Diyos at sumunod sa Kaniyang mga utos. Ang pagsanba sa Diyos ay katutubong pananagutan ng tao, sapagkat Siya ang lumalang sa atin, kaya hindi tayo ang may-ari ng ating sarili kundi ang Diyos. Isinasagawa nila ang pagsambang kinapapalooban ng pag-awit ng mga imno, pananalangin, pag-aaral ng salita ng Diyos, at paghahandog. Ayon sa kanilang aral, si Cristo mismo ay nag-ukol ng mataas na pagpapahalaga sa pagtitipon o pagsamba. Tuwing nagkakatipon ang kaniyang Iglesia ay naroon Siya sa kanilang kalagitnaan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu. (Pagsamba Sa Diyos, 2022)

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Ang Aking Relihiyon**

Panuto: Mag-isip ng isang simbulo na maaring kumatawan sa iyong relihiyon na kinaaniban. Ibatay ang iyong sagot sa tulong na naibibigay nito sa paglago ng iyong pagdakila sa Diyos. Ipaliwanag ang kahulugan nito

| Simbolo | Paliwanag |
| --- | --- |
| | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Tanong**:<br>1. Ano ang relihiyong iyong kinabibilangan?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Paano mo pinahahalagahan ang iyong relihiyon?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>3. Paano nakatutulong ang iyong relihiyon sa paglago ng iyong magandang ugnayan sa Diyos?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>4. Ano ano ang gawain nito na nakapagbibigay sa iyo ng pagkakataon upang dakilain ang Diyos?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Panalangin**<br>Sumulat ka ng isang panalangin ng pasasalamat sa Diyos.<br>____________________________________<br>____________________________________<br>____________________________________<br>____________________________________<br>____________________________________<br>____________________________________<br>__________________________________<br>_______________________________<br>_______________________________<br>_______________________________ | |

<table>
<tr><td></td><td>Rubric:<br><table><tr><td>Pamantayan</td><td>Puntos</td></tr><tr><td><u>Nilalaman</u><br>May kaugnayan sa paksa<br>Naipakita ang apat na bahagi ng panalangin</td><td>10</td></tr><tr><td>Damdamin<br>May mahusay na paglalahad ng damdamin</td><td>5</td></tr><tr><td>Mekaniks<br>Mayroong wastong gamit ng salita</td><td>5</td></tr><tr><td>Kabuuan</td><td>20 puntos</td></tr></table></td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>IKAAPAT NA ARAW<br>1. Pabaong Pagkatuto<br>Bakit mahalagang dakilain ang Diyos?<br>a.____________________________________________<br>b. ____________________________________________<br>c. ____________________________________________<br><br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>Maraming pagsubok ang kinakaharap mo sa araw-araw. Isang hamon para sa iyo ang purihin ang Diyos sa gitna ng problema at kalungkutan. Paano mo dadakilain ang Diyos sa gitna ng ganitong mga pagkakataon?<br>____________________________________________<br>____________________________________________</td><td></td></tr>
</table>

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**A. TAMA o MALI** | Sagot:<br>1. TAMA<br>2. TAMA |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Hindi lubos na mapararangalan ng tao ang Diyos kung patuloy siyang gumagawa ng masama sa kanyang kapwa.<br>2. Ang Salita ng Diyos ay dapat ihayag at ipamuhay.<br>3. Makatuwiran ang pagiging makasalanan ng tao dahil siya ay likas na mahina at walang kakayanang umiwas sa tukso<br>4. Hindi nababahala si Gelo sa paulit-ulit niyang paggawa ng mali katwiran niya ay maaari naman siyang humingi ng tawad ng paulit-ulit?<br>5. Isang hamon sa tao ang pagsunod sa kalooban ng Diyos sa gitna ng mga tukso at makamundong pagnanasa<br>6. Ang buhay bagamat minsan ay masalimuot ay biyayang dapat ipagpasalamat sa Diyos.<br>7. Ang pananalangin ay isang mabisang paraan ng pakikipag-usap sa Diyos.<br>8. Ang tunay na pagdakila sa Diyos ay ang araw-araw na pagdarasal ng isang tao kahit alipin pa siya ng masasamang bisyo at gawi.<br>9. Bawat relihiyong ay nagnanasang mailapit ang tao sa Diyos sa pamamagitan ng mga debosyon at mabubuting gawain.<br>10. Laging ipinagmamalaki ni Jannet ang kanyang pagkakaroon ng maayos na ugnayan sa Diyos kahit marami pa siyang kaaway.<br><br>**B. Planong Gawain:**<br>**Panuto:** Sumulat ng limang bagay na dapat mong gawin sa araw-araw bilang tanda ng iyong pasasalamat sa walang sawang pagkalinga ng Diyos<br><br>11. ______________________________<br>12. ______________________________<br>13. ______________________________<br>14. ______________________________<br>15. ______________________________<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Dakilain ang Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal sa kapwa. Gumawa ng isang mabuting gawa sa isa sa iyong kamag-aral o pamilya o kaya naman sa isang taong nangangailangan ng tulong. Huwag mong isipin na ito ay gawaing pampaaralan kundi maging panimulang gawain para sa patuloy na pagdakila sa Diyos. Isulat ang iyong karanasan sa isang malinis na papel at ibahagi ito sa klase upang maging inspirasyon ng lahat. | 3. MALI<br>4. MALI<br>5. TAMA<br>6. TAMA<br>7. TAMA<br>8. MALI<br>9. TAMA<br>10. MALI |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>